

1

“Daaamnnn!!!” sigaw ng isang babae sa mall.

Halos natawag ang atensyon ng lahat sa paligid. Parang wala itong pakialam kung nakagawa ito ng eskandalo. Pababa na sana ako ng elevator nang madinig ko ang pagsigaw. Kung ano ang dahilan, walang nakakaalam.

Natawa ako sa di ko maipaliwanag na rason kaya naisipan ko siyang sundan. Pumasok siya sa isang sikat na bookstore at may kung anong espiritung nagdikta sa akin para pumasok din doon. Nakapagtataka, mahinahon na ang babae sa loob para bang wala siyang pakialam sa ginawa niyang eksena.

Nag-ikot-ikot ako kahit wala naman akong bibilhin habang nakapako pa rin ang isang mata ko sa babae. Naging instant stalker yata ang dating ko.

Napakunot-noo ako. Kahit ang pinakasikat ng skin clinic di kayang alisin ang linyang nabuo roon. May dumaan lang na dambuhalang ale, nawala na sa paningin ko ang weird na babae. Dinaig pa niya ang teleportation ni *Son Goku*.

Inikot ko ang mga shelves pero di ko siya

natagpuan. Parang di kompleto ang araw ko kung di ko siya matatagpuan kahit wala naman akong makukuhang pakinabang.

Napaka-weird niya, wika ko sa sarili. Sumigaw na lang basta 'tapos ngayon naging invisible.

“Sinusundan mo ba ako?” tanong ng babae.

Napanganga ako at napipilan. Hindi ko siya nakita agad dahil nakaupo pala siya sa sahig ng bookstore habang nagbabasa.

Naloko na. Nabuking pa yata ako. “Hindi, ah! Nagkakamali ka, Miss!” tanggi ko naman agad. Para akong politikong eksperto sa pagde-deny kapag may kasong kinasangkutan.

“Okay,” sagot niya at muling nagbalik sa pagbabasa. Sa madaling salita, hindi siya interesado sa akin.

Humagilap ako ng libro para makakuha ng tyempo at kausapin siya. Gusto kong malaman ang dahilan ng pagsigaw niya.

Pinalipas ko muna ang ilang saglit bago muling lumapit. “Try mo 'tong ‘*Tutubi, Tutubi...*’ ni Jun Cruz Reyes.”

“Maganda ba 'yan?” Hindi siya tumingin sa hawak

kong libro pero at least, hindi niya ako binalewala.

“Magandang-maganda. Favorite author ko ang sumulat nito kaya hindi ka lugi kapag binili mo ’to.”

“Bookworm ka ba o salesman?” Iniangat niya ang kanyang ulo. Sa wakas, tumingin siya sa akin.

“Hindi naman. Nagustuhan ko lang siguro ang mga sinulat niya.” Ngumiti ako at ipinakita ang dimples ko.

“Okay.” Naging mailap muli ang babae matapos ang maikling usapan. Namayani ulit ang katahimikan sa pagitan naming dalawa.

Sayang naman ang effort ko kung palalamasin ko lang ang pagkakataon.

“Nga pala, bakit ka sumigaw kanina? May nangyari ba?” Tahimik lang siya. Wala akong narinig na sagot. “Sorry kung nangengeelam na ako nang sobra.”

Humakbang na ako palayo sa kanya. Hindi nga naman tama kung manghimasok pa ako sa mga bagay na hindi ko dapat pinakikialaman.

“Masarap sigurong basahin ang librong ito habang nagkakape,” pahabol niya at sa pagkakataong iyon ay bitbit na niya ang libro.

Huminto ako sa paglalakad. Ini-rewind ko sa aking tenga ang mga sinabi niya. Sa naging sagot niya, alam kong may patutunguhan ang aming usapan. Malamang may problema siya kaya sumigaw at iyon ang paraan niya para mag-release ng tension.

Lakad-paatras akong bumalik sa kanya. “Mas masarap uminom ng kape kapag nagkukwentuhan,” suwestyon ko. “Lalo kapag may gusto kang ilabas na hindi mo masabi sa iba.”

“Hindi ka lang pala bookworm or salesman... may pagkamanghuhula ka pa.”

“Chamba lang siguro.”

Pagkabayad sa counter ay bumaling siya sa akin.

Habang naglalakad, nagsimula na siyang magkwento. Katulad ng ibang babae, lovelife ang dahilan ng galit o kalungkutan niya. Hindi niya matanggap na nagawa agad siyang palitan ng kanyang ex-boyfriend isang buwan matapos ang kanilang break-up.

“Mas maayos sigurong sa ’yo ako mag-open tatal hindi mo kilala ang mga taong involve, kesa naman pader ang kausap ko. I’m bitter kaya noong nakita ko ang ex-boyfriend ko dito sa mall with his new girl ay napasigaw ako.” Kinuskos niya ang mata at

nagbuntong-hininga para mapigilan ang pag-iyak.

Pakiramdam ko, anumang oras ay babagsak ang luha na maaring magdulot ng baha sa EDSA dahil sa tindi ng namumuong sama ng panahon sa kanyang mga mata. Pinaupo ko muna siya sa labas ng coffee shop. Hinintay kong kumalma ang kanyang loob. Hanep ang pakiramdam, para akong nasa pelikula. Ngayon ko lang na-experience maging crying shoulder.

“May panyo ka? Tutulo na kasi ang sipon mo. Madudumihan ang T-shirt ko, lagot ako kay Ermat.” Pinatawa ko siya kahit corny ang joke pero effective naman.

“Nag-e-emote na nga ako, bigla mo naman akong papatawanin.” Umakto siya na parang bata at itinaas ang isang paa sa katapat na upuan.

“Ayoko kasing makakita ng babaeng umiiyak. Pakiramdam ko kasi ako ang dahilan kahit wala naman akong ginawang kasalanan.”

“Pangit ba ako?”

“Hindi, ah. Mas maganda ka pa nga sa mga bumasted sa akin. Alam mo, hindi ka dapat umiyak dahil at least naranasan mong mahal. Nakakahiya mang aminin, hindi pa ako nagkakaroon ng girlfriend.”

“Seryoso ka? Age mo?!” gulat na tanong niya na para bang lahat ng tao ay may karelasyon na at ako na lang ang wala.

“Twenty-three. Daig pa nga ako ng mga helper namin sa tindahan, minimum nila ang dalawang girlfriend.”

“Pinapatawa mo naman ako!” Hindi naman ako nagpapatawa pero matindi ang halakhak niya na kung may pustiso siya, malamang ay nalaglag na iyon.

“It’s not a joke. It’s my way para palakasin ang loob mo. Siguro hindi talaga siya para sa ’yo, magpasalamat ka na lang na naging part siya ng buhay mo.”

“Dami mong alam ’tapos, hindi ka pa nagkaka-girlfriend niyan ha.”

“Well, base lang naman iyon sa view ko,” nakangisi pang sabi ko.

“So... gusto mong magkaroon ng girlfriend?”

“Oo naman. Pero sino ba naman ang papayag nang instant? Kung may girlfriend ako, mapapahiya ang lahat ng kumakantyaw sa akin!” wika ko sa kanya habang inilalarawan ang itsura ng mga taong

nagtatawa sa akin sa tuwing ilalampaso ako ng mga babaeng niligawan ko.

“Ako! Papayag ako na maging instant girlfriend mo! Pero magpapanggap lang.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” May sira yata sa ulo ang babaeng ito.

“Pathetic na kung pathetic ang move na ’to. Pero gusto kong ipamukha kay Dexter na kaya ko din siyang palitan agad. Kung papayag kang magpanggap na bf ko, magagawa ko iyon and on your part, mapapahiya na ang mga kumakantiyaw sa ’yo.”

“Hindi ka natatakot?”

“Military man ang papa ko at blackbelter ako ng taekwondo.”

Napaatras ako. “Ako pala ang dapat matakot.”

“Dapat lang,” pagmamalaki niya. “At alam ko namang good boy ka. Itsura mo pa lang.” Tinanggal niya ang suot kong salamin. “Cute ka pala kapag walang glasses.”

“Sige pumapayag na ako dahil sinabi mong cute ako.”

Hindi naman ako uto-uto, naisip ko lang na

Hu U? - panjo

wala namang mawawala sa akin. Una, lalaki ako at pangalawa, gusto ko ring maka-experience ng excitement.

2

Business Management graduate ako at kasalukuyang manager ng negosyo naming grocery. Magandang pakinggan ang salitang manager pero sa simpleng salita, bantay ako.

Solong anak ako at di na pinayagang magtrabaho dahil kaya naman daw nila akong buhayin. May diabetes at hypertension si Mommy kaya kapag tutol ako sa gusto niya ay bigla na lang hahawakan ang kanyang puso. Kaya natuto na lang akong sumang-ayon at instant na makaka-recover si Mommy. May taglay yatang super healing power ang pagsang-ayon ko.

Naging pampalipas-oras ko ang pagte-text sa mga nagpapa-load na chicks. May dumededma lang at may nagrereply ng '*HU U?*'. May pagkakataon nga na number pala ng tatay, kapatid o boyfriend ang nate-text ko.

Isang beses, sinuwerteng may pumayag na maka-text ako. Wala rin sigurong magawa. Umabot sa puntong siya na ang naging dahilan ng ngiti ko. Baduy na kung baduy pero ganoon talaga ako kapag tinamaan. Kahit nga pikit na ang isang mata,

sasabihing hindi pa inaantok.

Noong napagkasunduan naming magkita, naging maayos naman ang lahat. Masaya, malambing at puno ng kilig hanggang pag-uwi. Matapos ang araw na iyon, naging busy na siya. Hindi ko alam kung wala na siyang time mag-text, lumaki ang daliri niya kaya hindi na magkasya sa keypad o talagang ayaw na niya akong kausap.

Kaya ngayon, pumayag akong pumasok sa isang relasyon kahit pakunwari lang. Bukod sa titigil na ang mga nangangatyaw sa akin, may dahilan na ako para umalis muli ng bahay at makipag-meet sa ibang textmate. Pwede kong gamiting palusot ang pagdalaw sa kunwaring girlfriend ko.

“I am Jane, and you are?” basag niya sa katahimikan. “Hindi ko naisip na makikipag-usap ako sa isang stranger.” Iniikot niya ang mug ng kape habang binabasa ang nakasulat doon.

“Call me Loi.” Pinasosyal ko nang konti dahil medyo nahihiya akong sabihin ang pangalan ko. Zoilo Datu IV ang totoong pangalan ko, minana ko pa sa tatay ng lolo ko.

“Okay, Loi, back to our deal.”

Inilatag niya ang kanyang mga batas. Una, bawal

mag-take advantage gaya ng halik at yakap kung hindi siya ang mag-i-initiate. Military man ang papa niya kaya huwag na huwag daw akong gagawa ng hindi niya magugustuhan.

Pangalawa, bawal ikuwento kaninuman ang aming kasunduan. Sa oras na malaman ng iba ang kasunduan, babalian niya raw ako ng buto. Lahat ng natutunan niya sa taekwondo ay ipapatikim niya sa akin.

Pangatlo, kailangang maging honest sa isa't isa. Kahit kulay ng underwear, bawal ipagsinungaling.

Ang huli at binigyan niya ng diin, bawal ma-in love. Kapag na-in love, tapos ang deal dahil wala daw siyang balak na patulan ako.

“Sige, payag ako. Isa lang ang hihilingin ko.”

“Ano naman?” tanong ni Jane.

“Kailangan mong magpakilalang girlfriend ko sa Mommy ko.”

“Bakit pa? Kaya lang naman tayo magpapanggap para ipakita kay Dexter na kaya ko siyang palitan agad.”

“Hindi kasi ako basta nakakaalis ng bahay nang walang dahilan. Hindi ko naman pwedeng sabihin na

overtime sa office dahil wala naman akong trabaho. Ako kasi ang taga-manage ng business ni Mommy.”

“So mama’s boy ka pala?”

“Hindi naman,” tanggi ko. “Masunurin lang, kasi high blood si Mommy. Kapag namimili lang ako makakalabas, eh. Gaya ngayon.”

“Natatawa naman ako. So you mean at your age, lahat ng kilos mo ay dapat alam ng nanay mo?” Halos gumulong sa katatawa si Jane habang tinatapik ang table.

“Hindi, ah!” mariing tutol ko. “Kailangan lang may reason ang bawat lakad ko para naman hindi makaabala sa negosyo niya.”

“Hmm. Siguro dapat ka ding makilala ng parents ko para mas convincing ang plan ko.”

“Sure, no problem!” pagyayabang ko kahit sa loob ko ay may takot na paulanan ako ng bala ng tatay niya.

Ikinuwento ni Jane ang kiliti ng parents niya. Ang kanyang mama ay mausisa, mahilig sa ballroom at magluto. Ang daddy niya naman ay tahimik lang at madalas maglaro ng chess kahit nag-iisa. Kung masasakyan ko ang trip nila, mas mabuti daw.

Sinabi ko rin sa kanya ang background ng pamilya namin. Mula sa pagkahilig ng mga magulang ko sa kolesterol hanggang sa aso naming mahilig mag-digest ng tsinelas.

“Pero gusto ko nang makilala muna ang nanay mo... ngayon.”

“Ngayon?” duda ko.

“Oo. As in now na!” Namilog ang kanyang mga mata; parang masarap dukutin at gawing holen.

“Hindi ka nagbibiro?”

“Hindi. Pag-usapan natin kung paano tayo nagkakilala at kung paano naging tayo para consistent ang mga sagot natin.”

3

Habang nasa byahe, pinag-usapan namin ang set-up. Sa exclusive school for girls nag-aral si Jane kaya hindi pwedeng sabihing magkklase kami. Ayaw naman niya ng ideyang textmate kami. Hindi din pwedeng common friend dahil kilala ng nanay ko ang lahat ng kaibigan ko. Mabibilang lang kasi sa daliri.

Ang napagkasunduan? Wala. Bahala na si *SpongeBob*.

Naglakad kami sa eskinitang papasok sa amin. Bakas kay Jane ang takot. Dumikit siya sa akin at napahawak sa aking braso. Malambot ang balat niya at halos tumayo ang lahat ng pwedeng tumayo sa akin dahil sa kiliting dala ng kanyang balahibo. Pero inalis ko muna ang lahat ng kalokohan sa isip ko. Kailangang makumbinsi kong makakauwi pa siya nang buhay at kompleto ang spare parts.

“Natatakot ka? Huwag kang mag-alala hindi squatters’ area ang lugar namin. Masikip lang talaga ang mga daan,” paliwanag ko kay Jane.

“Sure ka? Baka may bigla na lang mag-amok dito.”

“Wala. Tapos na kagabi.” Napasimangot siya at mas lalong dumikit sa akin. “Akala ko blackbelter ka?”

Tinulak niya ako palayo. Sayang, nag-e-enjoy pa naman ako. “Loko ka. Mas okay siyempre na walang gulo. Tahimik naman siguro dito.”

“Oo naman! Sobrang peaceful ang lugar na ’to!” Sobrang peaceful dahil pumanaw na ang mga nanggulo.

“Lumayas ka, Berto!!!” sigaw ng babae sa bahay na nadaanan namin. Ngayon, mga babae na ang naghahari-harian sa lugar simula nang maubos ang matatapang na kalalakihan.

“Tahimik pala ha?!” sarkastikong wika ni Jane. “Ano’ng tawag mo d’yan?”

“Bagong lipat lang ang mga ’yan kaya exempted sila,” kakamot-kamot sa ulong palusot ko.

“Puno ka nang palusot. I like you kahit corny ang mga joke mo.”

“Hoy, bawal ma-in love!” sigaw ko sa kanya.

“Hindi ako nai-in love, nagugustuhan ko lang ang ugali mo!” bulyaw niya pabalik. Hobby siguro niya ang makipagtalo kaya palaging sumisigaw.

“Baka kasi kung saan mapunta ang like-like na ’yan. Lugi naman ako.” Unti-unting nawawala ang kaba ko. Nakakatingin na ako sa kanyang mukha at nakakapagbiro na ako.

“Basta hindi ako nai-in love! Tapos!”

“Sumisigaw ka?”

“Hindi! Binibigyan ko lang ng emphasis,” katwiran niya.

“Sure ka, ha?! Rule number 3. Honesty.”

“I’m very sure, Loi.” Napangiti naman ako, hindi dahil sa ganda ng boses niya kundi sa ganda ng bago kong pangalan. “Hindi ako ang babali ng sarili kong batas,” dagdag pa ni Jane.

Pinapanood kami ng mga tao habang naglalakad. Parang kaming celebrity. May ilang nagbubulungan at ang mga lalaki naman ay halos mabali ang leeg sa paghabol ng tingin.

Sa wakas, umeepekto na ang plano ko. Hindi na ako ang talunan sa pagkakataong ito. Win-win situation ang pinasok ko. Ako na ang gwapo!

Pagdating namin ng bahay, napuno agad ang bintana ng mga media na walang mikropono. Kung ano ang madinig nila, siguradong ibo-broadcast na

sa buong eskinita.

Kamakailan nga lang, nabalita si Mang Isko at ang kanyang asawa na aswang dahil madalas na may naririnig na pag-ungol sa kanilang bakuran. Hindi ko nga lang alam kung anong klaseng ungol ang nadidinig.

“Diyos ko po, Anak!” Gulat na gulat si Mommy nang makitang may kasama akong babae. Hawak na niya agad ang kanyang dibdib. Anumang sandali ay papanawan na siya ng ulirat at tatalunin ang *Star For All Seasons* sa galing niyang umarte. “Anak, bakit kailangan mong gumawa ng masama?”

Hindi ko maintindihan ang sinasabi niya kahit hindi naman salitang alien. “Mommy, huminahon ka! Wala akong ginagawang masama!”

“Anak, bakit mo kinidnap ang babaeng ’yan?” naiiyak na sabi ni Mommy habang itinuturo ang kasama ko.

“Kinidnap?!” What the duck?! Kakaiba talaga ang Mommy ko, walang tiwala sa sariling anak.

“Hindi niya po ako kinidnap,” pagtatanggol naman agad ni Jane. Inalalayan niya si Mommy mula sa scripted na pagtumba.

“Naku, malamang pinakulam ka ng anak ko.” Tumakbo si Mommy sa kusina. “Tres, tumawag ka ng albularyo!” baling niya kay Daddy.

Sumunod ako sa kusina. Pinakalma ko si Mommy at pilit pinaniwala na hindi ako masamang tao gaya ng iniisip niya. “Wala po akong ginawa sa kanya, kusa siyang sumama sa akin.”

“Sino ba, anak, ang kasama mo?” usisa ni Daddy.

“Si Jane po. Girlfriend ko,” mahinang-mahinang sagot ko.

“Girlfriend?!” sabay na bulalas nila Mommy at Daddy. “Ows?”

Napakabuti nilang mga magulang, walang kabilib-bilib sa akin. Alam kasi nila ang mga sentimyento ko kapag nababasted ako ng mga nililigawan. Sa halip na payuhan nila ako, madalas ginagawa pa nilang katatawanan.

Bumalik si Mommy sa sala para kausapin si Jane. Hindi pa din lubos na makapaniwala na may isang mestisang pumatol sa akin. Hindi siya mapakali. Halos mahilo ang upuan sa palit-palit na pwesto.

“Inom ka muna ng juice, Ineng,” alok niya sa bisita namin.

“Jane po.”

“Girlfriend ka daw ng anak ko?” may pagdududang tanong pa din ni Mommy.

“Opo,” maikling sagot ni Jane. May pagka-*NBI* si Mommy kaya mas magandang maikli lang ang sagot sa kanya.

“Sigurado ka? Wala ka bang sakit, Jane, o may ipinainom lang sa 'yo?”

“Wala po. Kami na po talaga.”

“Huwag naman sana kayong padalos-dalos. Mga bata pa kayo para magtanan.”

OMG! Tanan?!

“Naku! Hindi po kami nagtanan. Gusto niya lang po akong ipakilala sa inyo. Hindi po ba kayo makapaniwala na magkaka-girlfriend ang anak n'yo?”

Umugong ang bulungan sa may bintana. Walang makapaniwala na may girlfriend na ako. Tao ako kaya posible naman siguro na may pumatol sa akin. Ang pagiging mama's boy ko lang naman ang madalas na dahilan kaya ako iniwasan ng mga babae. Kung sa nanay ko nga daw hindi ako makasalungat, paano ko pa nga naman daw sila ipagtatanggol? Hindi ko maintindihan, hindi naman masamang-loob ang

nanay ko. Kung mabaho man ang utot ko, iyon ay dahil masarap ang ipinakakain niya sa akin.

“Si Zoilo, may girlfriend na!” dinig ko mula sa kwentuhan ng mga media sa may bintana.

Ilang saglit lang ay may nag-text sa akin: *P’re, nakabuntis ka daw?*

Grabe ang balita, ilang segundo lang, buntis agad.

Welcome to Kalye Escalon! Kung saan ang buhay mo ay buhay din nila. Kahit schedule ng pagputok ng pigma, alam nila.

“Hindi talaga!” sabat ni Daddy. “Sa dating mo pa lang, imposible nang mapasagot ka ng anak ko. Kahit nga sa anak ng manikurista ni Mameng, hindi siya lumusot, eh.”

Napakagat-labi na lang si Jane para hindi mapatawa habang inilalaglag ako ng aking mga magulang.

“Na-love at first sight lang po talaga ako siguro,” sabi niya.

“Saan mo ba nakilala si Zoilo?” Nagsimula na ang interogasyon ni Mommy. Nagmistula tuloy may lie detector ang kinauupuan ni Jane. Pero kahit

kinakabahan, nanatili siyang kalmado habang kausap ang mga magulang ko.

“Mommy! I’m Loi not Zoilo.”

“Loi-Loi ka d’yan. Nagkabisita ka lang ng mestisa nabaluktot na agad ang dila mo. Doon muna kayo ng tatay mo sa tindahan!”

“Ah eh, minsan po akong napadaan sa tindahan ninyo. Nagtanong po ako ng direction. Nag-offer po si Loi na samahan ako kasi medyo maliit po at paligoy-ligoy ang mga daan dito.”

“Mabait naman talaga ang anak ko. Pero sigurado kang hindi ka niya kinulam o ginayuma? Baka tinakot ka lang?”

“Hindi po. Katunayan nga po, hanggang sa lumabas po sinamahan niya ako kaya naging magaan po ang loob ko. Natagalan po ang pagdaan ng sasakyan kaya po nagkakwentuhan. Tapos, simula na po iyon ng aming madalas na pag-uusap.”

“Matagal na ba kayong magkasintahan ni Zoilo?”

“Kanina lang po. Kaya nga po nagdesisyon siyang ipakilala ako sa inyo dahil sobrang saya niya.”

Habang nasa tindahan, pinipigilan kong matawa sa mga naririnig ko. Buti na lang at mukhang kapani-

paniwala ang mga kwento ni Jane. Kung ako ang tinanong ni Mommy, malamang nagbuhol-buhol na ang dila ko sa kaba.

“Anak, ganda ng nabingwit mo! Magpalahi ka na agad,” bulong ni Daddy.

“Dad! Sundalo ang tatay niya, baka ratratin tayo.”

“Anak, may bukas pang seminaryo, magpari ka na lang!”

4

Nakahinga ako nang maluwag matapos ang interogasyon. Instant prinsesa si Jane; kahit langgam banned sa kabahayan namin.

Kita ko sa mata ni Mudra ang kasiyahan. Magaan agad ang loob ng pamilya ko sa kunwaring girlfriend ko. Sabi ni Daddy, sabik daw sa anak na babae si Mommy kaya naging malambing ang pakikitungo nito kay Jane. Nakakaasar nga lang dahil mga kapalpakan ko ang topic nila.

Palubog na ang araw noong nagpaalam umuwi si Jane. Lumabas kami ng bahay at nagmistulang ako si Moses. Nahawi ko ang dagat ng mga tsimosang nakapaligid sa aming bahay. Pareho kaming nakangiting lumabas ng pinto. Hindi ko alam kung dahil naloko namin ang mga magulang ko, o talagang masaya ang naging takbo ng usapan.

“Salamat ha. Nag-enjoy talaga ako! Masarap kung mapapadalas ako dito,” masiglang saad niya pagkatapos ay ngumiti siya sa akin.

“Pwede namang bumalik ka anytime para mag-enjoy ka ulit,” pagbibiro ko sa kanya.

Sa totoo lang, gusto ko na siyang itaboy palabas kapag ako topic nila, pero nag-enjoy din naman ako kaya hinayaan ko na lang silang pagtawanan ako.

“Sinabi mo ’yan ha!” Hinagilap niya ang aking braso at tila nag-isip ng mga susunod na gagawin sa pagbalik sa bahay. “Malamang tataba ako dito.”

“I told yah!” Nakakatuwa ang mga kilos ni Jane. Masaya ako dahil may biglang pagbabago sa buhay ko. “Mahilig talaga sa kolesterol ang mga magulang ko.”

Naupo muna ako sa may bangketa habang wala pang dumadaang tricycle. Tumabi naman sa akin si Jane. Para kaming mga batang paslit na nanonood ng mga nagdadaang sasakyan.

“Slang ka na naman ha. Hilahin ko ang dila mo, eh.” Pinaglaruan ni Jane ang nagkalat na maliliit na bulaklak sa daan. Aliw na aliw naman akong pinapanood siya. “Ano ’to?”

“Bulaklak ng narra,” sagot ko.

Noong bata ako madalas din akong maglaro ng bulaklak ng narra. Iniipon ko nga iyon dati at ibinibigay sa kaklase ko sa day care center pero hindi naman niya ako pinapansin.

“Bumubulaklak ang narra?” Kumunot ang noo ni Jane sa labis na pagtataka at dinaig pa ang dami ng linya ng pedestrian lane.

“Oo. At kapag ganitong tag-init, bumabagsak sila. Ganda ngang pagmasdan, eh. Parang umuulan ng bulaklak lalo na kapag malakas ang hangin.”

Tumayo ako nang may makita akong parating na tricycle.

“Huwag muna!” pigil ni Jane sa akmang pagpara ko sa tricycle. Mahigpit ang hawak niya sa braso ko. “Hintayin muna nating bumagsak ang mga bulaklak.”

“Paano kung walang dumating na malakas na hangin?”

“Pinapaalis mo na ba ako?” sumbat niya.

“Uupo na nga ulit ako, eh. Kahit gabihin tayo dito, okay lang sa akin.”

Naging seryoso ang mukha niya matapos kong bumalik sa aking pwesto. Baka naimpatso na sa dami ng kinain.

“Salamat ha. Hindi ko inaasahan na magiging masaya ang araw na 'to. Napalitan ng saya ang lungkot ko kanina.” Abot-abot ang buntong-hininga ni Jane.

“Oo nga, eh. Muntik mo pa ngang dumihan ang damit ko.” I tried to crack a joke at di naman ako nabigong pangitiin siya.

“Yabang mo! Kidding aside, nagpapasalamat ako sa lakas ng loob mong sundan ako.”

“Naiiyak naman ako sa mga lines mo.”

“Puro ka naman biro, eh, seryoso na ako.”

“Alam mo, Jane, ayaw ko kasing kumukunot ang noo mo. Pwede ka namang magpasalamat na happy mood.”

“Sabagay. Thank you talaga, Zoilo!” sigaw niya.

Bumulusok ang malakas na hangin kasunod ang pagbagsak ng bulaklak ng narra.

“Wow. Parang cherry blossoms, yellow nga lang!” sambit ni Jane.

Nag-ipon ako sa palad ko ng mga bulaklak. “Noong mga bata kami, isinasaboy namin ito sa mga dumadaan o kaya naman, kapag naglalaro kami ng kasal-kasalan.”

“Nasaan na ang partner mo sa kasalan?”

“Ah, eh, wala. Ako kasi ang pari.”

Hindi ko alam kung bakit pa ako nagkwento. Parang gusto kong tadyakan siya para tumigil sa pagtawa. Isinaboy ko na lang sa kanya ang mga bulaklak at gumanti din naman siya. Masaya kami sa ginagawa namin pero sa mga nakakakita, mukha kaming mga sinto-sinto.

Tinitigan niya ang malaking puno ng narra sa aming likuran. “Cool ng narra, oh? Sa kabila ng kabruskuhan niya, may soft side pala siya.” Manghang-mangha si Jane sa puno. Nakuha pang ikumpara sa tao. “Ang alam ko lang, matibay na kahoy ang narra. Ngayon, alam ko na kaya din pala niyang mamulaklak nang maganda.”

“Bumubunga din ’yan. Sobrang laki nga, eh.”

“Talaga? Ano’ng hugis?”

“Joke lang. Haha!” Bumingisngis ako. This time, siya naman ang pinagtawanan ako.

“Loko!” Halos mamula ako sa mga kurot niya. “Next month, uuwi na ang parents ko from Bohol. Ipapakilala kita sa kanila.”

“Sige. Palagay ko naman, madali akong papayagan kasi kasundo mo na agad ang mga magulang ko.”

“Cool nga ng parents mo, eh.”

“Aliw na aliw ka nga. Halos lumuwa ang mata mo kapag inilalaglag ako ng parents ko.”

“Kasi ba naman, hindi pala alam ng parents mo na ‘Loi’ ang pangalan mo.” Gumuhit na naman ang ngiti sa mga labi niya. Masarap siguro siyang bilugin at gawing emoticon.

“Eh, di, ikaw na ang may magandang pangalan!” Sumimangot ako at umalis sa tabi niya.

“To naman, oh, pikon agad.” Hindi naman talaga ako napikon. Umaarte lang. “Sorry na, oh,” sabi niya. Hindi ako kumibo. “Loi, uy. Uy, Loi! Sorry na!”

“Gotcha! Umaarte lang!” mapang-asar na wika ko. Bago pa tuluyang maging ‘luoy’ ang pangalan ko, umamin na ako.

“Sus! Sincere pa naman ako kapag nagso-sorry, tapos, niloloko mo lang pala ako. I hate it!” Biglang nagbago ang mood niya, daig pa ang babaeng sumapit sa menopausal stage. Hindi nga siguro maganda ang biro ko.

Lumapit ako. Tumalikod si Jane at parang inip na inip na naghintay ng tricycle. Patay! Mabubulilyaso pa yata ang chance na ipahiya ang mga bumasted sa akin.

“Sorry, nag-assume kasi ako na close na tayo kaya nagbiro ako.”

“Lesson? Never assume!” Hindi pa din siya humarap sa akin.

“Sige, di na mauulit,” pagpapakumbaba ko.

Mukha kaming tanga noon. Nasa gitna kami ng daan at nagsusuyuan.

Natagalan pa bago siya humarap sa akin. “Gotchaa! Umaarte lang! Haha! Akala mo ha!”

Pambihira! Ako pa ang naisihan sa sinimulan kong kalokohan.

Ginulo niya ang buhok ko at tinawanan ang pagkaseryoso ko. “Mas bagay talaga sa ’yo ang gulo ang buhok at walang salamin.”

Ngumiti lang ako. Kulang na lang, sabihin niyang jologs ako dahil sa mala-Rizal ang hairstyle ko.

“Jane, parang gusto kong tawagin kang Juanita.”

“Subukan mo lang, bali ang buto mo!” Iniikot niya ang braso sa aking leeg na parang bang gusto na niya akong makipaglaro ng Bingo kay San Pedro.

Tumagal pa ng dalawang oras ang aming pag-uusap. Inamin niya sa akin na hanggang ngayon ay

mahal niya pa si Dexter. At kung sakaling maisipang bumalik sa kanya ng dating kasintahan ay tatanggapin niya ito nang buong puso.

Sa hindi ko maipaliwanag na dahilan, parang may kumurot sa aking puso. Naawa ako kay Jane sa gusto niyang mangyari. Kung pwede lang, ipapasampal ko siya kay *Jollibee* at nang matauhan, ginawa ko na.

5

Naalarma ako sa madalas na pagdalaw ni Jane sa bahay. Mismong ang mga magulang ko pa ang nag-iimbita sa kanya. Pakiramdam ko, malapit na akong palayasin at aampunin na nila siya. Palagay ko nga, pati aso naming si Gibo ay nagseselos na kay Jane dahil nabawasan na ang atensyong ibinigay sa kanya ni Mommy. Napa-paranoid na ako.

Masaya si Mommy sa tuwing dumadalaw si Jane. Hindi na siya inaatake ng scripted na hypertension. Pwede na din akong gumala kung kailan ko man gustuhin basta sasabihin kong si Jane ang kasama ko.

Sa kabilang banda, may pagbabagong hatid sa akin ang pagkakaroon ng nobya. Tinanggal ko na ang glasses ko pati style ng buhok ko, binago ko na din. In short, hindi na ako jologs tulad ng dati.

“Pa-load po,” basag ng isang babae sa paglipad ng isip kong parang tangay ng mga gamo-gamo.

Hindi agad ako tumayo dahil pagod pa ako sa paglalagay ng presyo sa mga de-lata. “Pakisulat na lang po ang number sa notebook d’yan.”

“Loi, may girlfriend ka na daw?” patuloy ng

babae.

‘Loi’ ang tawag niya sa akin?

Mabilis akong kumilos papunta sa babae. Bukod kay Jane, si Sofia lang ang nakakaalam sa kunyari kong pangalan. Siya ang babaeng minsan kong naka-text at naging dahilan ng bawat ngiti ko dati. Akala ko, hindi na siya magpaparamdam, hindi na kasi siya nag-text matapos naming magkita. Tama nga siguro ang iniisip ko na lumaki ang daliri niya kaya hindi nakapag-text at ngayon lang bumalik sa dati.

Lumapit ako. Hindi ako nagkamali, si Sofia nga ang nagpapa-load. Buwan na din ang binilang noong huli siyang nagpa-load dito.

“Magkano?”

“50 lang. Totoo ba na may girlfriend ka na?”

“Oo.” Maikli ang naging sagot ko.

Aaminin ko, masama ang loob ko dahil bigla siyang nawala matapos naming magkita. Pakiramdam ko tuloy, ako ang pinakapangit na nilalang sa mundo ng mga hindi tao.

“Bilis magpalit, ah! Nakalimutan mo na agad ako.”

“Ako yata ang dapat magsabi niyan? Hindi ka nagparamdam matapos nating magkita at hindi na din kita makontak.” Dismayado ako sa lakas ng loob niyang magparatang.

“Nawala kasi ang phone ko, eh. Gusto sana kitang i-text kaso hindi ko tanda ang number mo. Sayang tayo, Loi.”

Hindi ko alam kung dapat akong maniwala sa kanya. Sapat ba ang alibi niya para mawalan kami ng contact? Kung tutuusin, pwede naman siyang dumalaw dito sa amin o kaya sumigaw siya sa tapat ng tindahan para ipaalam na nawala ang phone niya. Kung nahihiya naman siya, pwede siyang magpagawa ng tarpulin.

“So, ano’ng pinanghihinayangan mo?”

“Akala ko kasi pwede pang maging tayo kaya sumadya ako dito. Kaso may girlfriend ka na.”

Lumambot ang puso ko. Alam ko sa sarili ko, matindi pa din ang pagmamahal ko sa kanya kahit nasaktan ako sa nangyari.

Pero paano ko sasabihin sa kanya na isang palabas lang ang namamagitan sa amin ni Jane? Magiging komplikado ang lahat kapag nalaman ni Mommy na nakikipagsabwatan ako.

Pero paano na ang sarili kong kaligayahan?

“I-text na lang kita mamaya. Magulo pa ang isip ko sa ngayon. Pero aaminin ko, mahal pa din kita.”

“Sige. Hihintayin ko ang text mo mamaya. Tandaan mo, Loi, hindi ka nawala sa puso ko.”

Gumulo ang napakasimple kong buhay dati, mas magulo pa sa mapa ng *DoTA*. Sa isip ko, dapat ko pa bang ituloy ang plano ni Jane, aminin kay Mommy na kalokohan lang ang lahat, o maniwala ako sa mga sinasabi ni Sofia at magsimula ulit kami?

“Mukhang malalim ang iniisip mo, ah?” Si Jane.

“Stress lang siguro.”

“Tara sa Intramuros! Akyat tayo d’un sa bato para mabawasan ang stress mo,” yaya niya.

“Ano nama’ng gagawin natin d’un?”

“Magpapahangin. Tsaka, may sasabihin ako sa ’yo na hindi pwedeng i-discuss dito.”

“Tinatamad ako.”

“Ganun?” Umalis si Jane sa harap ko na gusot ang mukha.

“Zoilo?!” sigaw ni Mommy mayamaya. “Ayaw

mo daw samahan si Jane? Hindi ka ba nahiiya na ikaw na ang dinalaw dito, tapos, di mo pagbibigyan ang bisita mo?”

Parang binasahan ako ng dalawang issue ng *Manila Bulletin* sa dami ng sinabi ni Mommy. Pati pagpapadede niya ng branded na gatas sa akin para maging mabait ako, inungkat niya.

Isa lang ang napatunayan ko, gustung-gusto nila si Jane kaya magiging mahirap kung ipagtatapat ko ang lahat sa kanila.

“Opo. Sasamahan ko na po.” Abot-tenga ang ngiti ng dalawa matapos akong mauto.

Umalis kami ng bahay na lumilipad pa rin ang isip ko. Ilang beses na yatang pinitik ni Jane ang tenga ko bago ko naramdaman. Muntik pa yatang kagatin. Kulang na lang ihampas niya ang mukha ko sa pader ng *Intramuros* para matauhan ako.

“May gumugulo ba sa isip mo?” tanong ni Jane habang inaalog ang balikat ko.

“Si Sofia,” amin ko.

Ikinuwento ko sa kanya ang lahat dahil bawal magsekreto. Kasama 'yun sa kasunduan. Naintindihan

naman niya. Malaya naman daw ako at pwedeng makipagkita kay Sofia.

“Paano kapag nalaman nina Ermats?” naguguluhang tanong ko.

“Hindi nila malalaman basta huwag mo lang siyang papuntahin sa bahay n’yo. Ikaw din ang masisira sa pamilya mo kasi iisipin nilang two-timer ka.”

“Sabagay. Oh, akala ko may sasabihin ka kaya tayo pumunta dito?”

“Bukas a-attend tayo ng party with my friends. Don’t worry, pinayagan ka na ng parents mo.”

“Hanep sa bilis, ah. Hindi mo pa nakukuha ang side ko, nasabi mo na agad sa parents ko?”

“Ako pa!” pagmamalaki niya. “Kasama si Dexter sa party pati ang girlfriend niya, kaya kailangan nandoon din tayo. Kaya vital ang role na ito.”

“So, ano’ng gagawin natin d’un?”

“Magpapanggap siyempre! Huwag kang mag-alala, hindi natin need lumapit sa kanila. Mas magandang hindi sila pansinin.”

“Ikaw bahala. Susunod lang ako. Basta kapag

lalabas kami ni Sofia, ikaw din ang magpapaalam sa parents ko.”

“Sure, Loi the Lover Boy! And one more thing, sunduin mo ako sa bahay dahil ipapakilala na kita sa parents ko.”

What the duck! Naging yaya pa ako.

Tumango lang ako. Lumambot bigla ang tuhod ko matapos naming umakyat sa bato.

Kinabukasan, hindi pa man sumisikat ang araw ay bumangon na agad ako. Napilitan akong mag-exercise kahit na hindi ko naman ginagawa dati. Kailangang maging kondisyon ako kapag humarap sa parents ni Jane. Hindi kasi ako masyadong nakatulog dahil nag-usap pa kami ni Sofia.

Todo asikaso din si Mommy sa akin, kulang na lang paliguan niya ako at hilurin ang singit ko.

“Tao po! Tao po! Jane?!” Ilang beses pa akong sumigaw para madinig ng tao sa loob.

Nalimutan ko, pwede nga palang mag-doorbell.

Ilang saglit pa, bumukas ang gate at pinapasok ako ng katiwala sa loob ng bahay. Pinaupo muna ako sa may sala dahil nag-aayos pa daw si Jane.

Hu U? - panjo

“Ikaw ba si Loi?” Pinagmasdan ko ang dambuhalang lalaki na sa palagay ko ay siyang tatay ni Jane.

Nakipagkamay siya sa akin. Kinabahan ako. Sinlaki ng kamao niya ang mukha ko.

6

Namuo ang laway sa aking lalamunan. Hindi agad ako nakapagsalita. Binalot ako ng takot, parang gusto kong umuwi at manood na lang ng *Doraemon*.

Kung mabubuking kami sa kalokohan namin, malamang isang suntok lang niya burado agad ang mukha ko.

“O-opo.” Alerto akong tumayo nang tuwid kahit halatang may mga dagang nagdadaos ng Intramurals sa aking dibdib.

“Matatagalan pa siguro si Jane. Alam mo naman ang mga babae, mabagal kumilos at inuubos ang oras sa harap ng salamin.”

Hindi ko alam ang isasagot. Sa totoo lang, first time kong dumalaw sa bahay ng babae kaya hindi ko alam ang katanggap-tanggap na kilos.

“Oo nga po. Dami kasi nilang rituals bago lumabas ng bahay.”

“Naglalaro ka ba ng chess?” Itinuro niya ang mesang yari sa marmol sa may garden. Naka-set up na ang chess pieces sa ibabaw ng mesa. “Chess muna

tayo habang di pa bumababa ang hinihintay mo.”

Ngumiti ako nang bahagya kahit medyo pilit. Pakiramdam ko inilaglag ako ni Jane. Malamang pinagtatawanan niya ang itsura ko ngayon. Daig ko pa ang manok na di makaitlog sa kaba.

“Naglalaro po, hindi nga lang magaling,” sagot ko.

Ipinatong niya ang kanyang kanang kamay sa aking balikat at inalalayan ako patungo sa garden. Wala akong balak maging sundalo dahil mabigat ang baril pero parang mas mabigat pa ang kanyang braso. Feeling close na agad siya sa akin. Kung hindi lang siya daddy ni Jane, malamang binigwasan ko na.

“Paborito kong laro ang chess. Sa katunayan, kahit nag-iisa ako, naglalaro ako nito.”

Siya ang unang tumira gamit ang English opening. Iniangat ko naman ang isang pawn para pigilan ang balak niya.

“Pansin ko nga din po sa mga sundalo, mahilig talaga sa board games. Bukod po sa nakakatanggal ng stress, parang sinasalamin ng larong ito ang profession n’yo.”

“Tama ka, Hijo. Pero serbisyo ang ginagawa

namin, hindi propesyon,” pagtutuwid niya sa sinabi ko. “Bukod d’un, inihahambing ko sa larong ito ang isang pamilya.”

Naunawaan ko naman ang gusto niyang sabihin. Itinuturing niyang siya ang mga pawns sa larong chess, ang queen ang mahal niya sa buhay at ang king ang kanilang tahanan. Bilang isang pawn, kailangang protektahan ang lahat at maiwasan ang pagkasira ng tahanan.

Seryoso ang aming pag-uusap. Ramdam ko kung gaano niya pinahahalagahan ang kanyang pamilya.

“Nauunawaan ko po,” sagot ko sa kanya kahit hindi naman ako masyadong interesado sa kwento at drama ng buhay niya.

“Loi?”

“Po?”

“Gaano mo kamahal ang anak ko?”

Natigilan ako. Inaamin ko, maganda si Jane pero wala akong pagtingin sa kanya. Si Sofia pa rin ang laman ng puso ko.

“Kung sa chess po, ako ang knight.” Binuhat ko ang piyesang hugis kabayo at inalis ang kanyang rook. “Handa akong pasukin ang buong kaharian ng

kalaban para maiwasan ang pagkasira ng sarili kong kaharian. Handa din po akong magsakripisyo para hindi mapahamak ang aking reyna.”

Napalitan ng ngiti ang seryoso niyang mukha. “I like you, Hijo. Sana maging madalas ka dito. Huwag mong sasaktan ang anak ko.”

Siguro dapat ang anak niya ang sinasabihan niya dahil lagi akong gustong balian ng buto ni Jane.

“Makakaasa po kayo.”

Ayos, nakuha ko ang loob niya. Kung kakampi ni Jane ang Mommy ko, ang Daddy naman niya ang alas ko.

Ang pagkakataon nga naman, hindi mo alam kung kailan naglalaro.

“Sa itsura mo naman, alam kong hindi ka gagawa ng masama,” aniya.

Hindi ba katanggap-tanggap ang itsura ko? Siguro mukha lang talaga akong anghel kaya niya nasasabi iyon.

Kinamayan niya ako biglang pagtanggap sa kanyang pagkatalo. “Salamat sa larong Rematch tayo sa muli nating pagkikita,” sabi niya. Daldal kasi nang daldal kaya natalo.

Tumayo kami at bumalik sa sala. Bumaba si Jane ng hagdanan tulad ng napapanood ko sa pelikula na may kabagalan ang paglakad. Parang gusto ko siyang batukan sa bagal ng kanyang kilos. Humarap siya sa amin.

Lumaki ang mata ko sa nagsusumigaw niyang dibdib pero inalis ko din agad ang tingin ko doon. She's extremely gorgeous. Hindi ako makapaniwala na makaka-date ko ang ganitong nilalang.

Kinurot ko si Jane para alam kong hindi ako nanaginip.

“Aray!” sigaw niya. Hindi nga panaginip kasi nasaktan siya. Akala ko, kailangan pang tadyakan. “Para s’an ’yon?”

“Wala lang. Trip ko lang.”

“Sus. Lalo ka lang na-in love sa akin.”

Kayumanggi ang kulay ko pero namula ang mukha ko sa sinabi niya.

Hindi ko namamalayan na matagal na akong nakatitig sa kanyang mukha. She looked innocently beautiful. Nangungusap ang mga mata ni Jane sa bawat buka ng bibig niya.

“Ehem. Hindi pa ba kayo aalis? Baka kayo na

lang ang hinihintay sa party.”

“Si Loi po kasi. Sobrang aga dumating.”

“May kabagalan ka lang talagang kumilos, Jane. Hindi ka na nahiya sa bisita mo,” sita ng tatay niya.

Yehey! May kakampi na ako. Akala ko, ako lang ang laging talo.

Hinawakan ni Jane ang aking braso at naglakad kami palabas ng bahay. May kakaibang pakiramdam ang gumuhit sa aking pagkatao. Ganito pala ang pakiramdam nang may girlfriend. Hindi ko maiwasang kiligin lalo na kapag dumidikit sa akin ang kanyang balahibo.

“Aalis na po kami. Salamat din po sa laro,” paalam ko. Sasabihin ko pa sana na magpraktis siya.

Nag-uumpisa na ang party noong dumating kami. May mga nagsasayaw na.

Naalala ko tuloy noong JS Prom, hindi ako nagsayaw buong gabi dahil gusto kong first at last dance ko ang crush ko. Tumayo agad ako noong nadinig ko ang akmang kanta para sa aming dalawa. Perpekto na ang timing ko, ni hindi nga ako kinakabahan. Kaso bigla akong sinabotahe ng

Meralco.

Unang hinanap ni Jane si Dexter at ang girlfriend nito. Noong makasigurado na nandoon ang dalawa, hinila niya ako para ibandera sa mga kaibigan niya.

Ipinakilala niya ako sa mga babaeng kita na ang kaluluwa at mukhang kagalang-galang na nilalang. Gusto niyang ipamukha sa lahat na may boyfriend na siya. Para tuloy akong showtype pitbull na ilalaban sa dogshow. Pero sa kabila ng effort niya, tila wala iyong epekto kay Dexter. Hindi nga naman ako ang tipo ng lalaki na dapat pagselosan. Wala akong panama.

Nagpaalam sa akin si Jane para pumunta ng ladies room. Palagay ko naman hindi siya nagbabawas, pero mahigit kalahating oras na, hindi pa siya bumabalik.

Nag-ikot-ikot ako sa venue para mawala ang aking pagkainip. Alam kong kailangan ni Jane ng space dahil sa sakit ng nararamdaman niya, at ang ladies room ang napili niyang venue.

Binusog ko ang aking tiyan pati ang mga mata. Hinanap ko naman agad si Jane noong nagsawa na ako. Nakita ko siyang nakaupo sa may damuhan malapit sa kalsada. Bahagya niyang niyakap ang sarili para bawasan ang lamig na dala ng hangin. Lumabas ako para samahan siya at sa takot din na

iwang niya ako.

Nagulat siya nang maramdamang may humawi sa kanyang buhok na tumatabing sa kanyang mukha.

“Umiiyak ka?” tanong ko kahit obvious naman.

“Hindi!” tanggi niya kahit panay ang hikbi.
“Napuwing lang.”

“Okay ka lang? Hindi ka na kasi bumalik sa loob.”

“Masyadong masikip para sa akin ang lugar.”

“Alam kong nasasaktan ka. Kaya mo pa ba? Uwi na kaya tayo?”

“Mamaya na lang. Dito na lang muna tayo.”

“Sayang naman ang suot mo kung ako lang ang audience mo.” Nakuha niya ang ibig kong sabihin.

Ngumiti si Jane. “Pinangiti mo na naman ako. Dami ko na tuloy utang sa ’yo.”

“Kailan mo balak magbayad?” biro ko.

Tumitig siya sa akin. Matagal nagtama ang aming mga mata. Napalunok ako dahil wala yata siyang balak alisin ang tingin sa akin. Na-obvious pa siguro na nag-blush ako.

“Loi, kiss me. Now!” Biglang bumilis ang drum

roll sa dibdib ko. "Please." Kusa siyang pumikit.

We shared a kiss which was not intended to be more intimate. Smack lang pero nakapikit pa din siya kaya humirit pa ako ng isa. Nagdulot iyon ng nakakapanghinang pakiramdam. Hindi ko ma-explain ang aking nararamdam. Kinikilig yata ako.